1

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Nagbabago Ako



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_AP7_Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 04: Nagbabago Ako**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Editha V. Blas

**Editor:** Leonora L. Tuason, Amelia B. Bergonia

**Tagasuri:** Elizabeth R. Berdadero, Jenelyn B. Butac, Richard O. Ponhagban

**Tagaguhit:** Bernadette Agustin

**Tagalapat:** Jaylord Gallarde

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Nagbabago Ako

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga pagpapatuloy at pagbabago sa buhay ng isang bata.

Nakapaghihinuha ng konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

nakapaghihinuha ng mga konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod.

## *Subukin*

**Panuto:** Tukuyin ang mga larawan sa kahon. Bilugan ang mga gamit mo noong sanggol ka pa na hindi mo na maaaring gamitin ngayon.



| Modyul 4 | Nagbabago Ako |
| --- | --- |

Ang bawat bata ay patuloy sa paglaki. Iba't ibang pagbabago ang nangyayari sa kaniyang buhay habang lumalaki. Nagbabago ang kaniyang mga gamit at nagbabago rin ang kaniyang mga pangangailangan.

## *Balikan*

Sa gabay ng magulang o tagapag-alaga, basahin ang tula.

**Inang Mapagmahal**

Noong ako ay sanggol pa
Kay ina ako umaaasa
Ang kaniyang mga kamay
Sa akin ay gumagabay
Ang boteng may gatas
Nagbibigay sa akin ng lakas
Oras man ay lumipas
Pagmamahal niya ay wagas

# *Tuklasin*

**Panuto:** Pagtambalin ang mga bagay na kailangan ng sanggol at bata.



## *Suriin*

**Panuto:** Kulayan ang mga larawan na ginagamit mo sa kasalukuyan.











Basahin nang mabuti ang kuwento.

**Ang Blusa at Palda ni Janela**

*ni Bernadette A. Agustin*



Linggo ng umaga, masayang bumangon si Janela. Kaarawan ngayon ng pinsan niyang si Luna.



Nagagalak siyang maisuot ang paborito niyang palda at blusa. Pagkatapos maligo, dali-daling nagtungo siya sa kaniyang *cabinet* upang kunin ang paboritong damit. Nang ito ay kaniyang isuot ay hindi na ito magkasya sa kaniya.



Naitanong niya sa kaniyang nanay kung bakit hindi na kasya sa kaniya ang blusa at damit.



Ang sabi ng kaniyang nanay na si Aling Berta, habang ikaw ay lumalaki, maraming nagbabago sa iyo. Nagbabago ang iyong mga gamit at pangangailangan.

Nagbabago ang sukat ng iyong mga damit, sapatos at iba pang sariling gamit. Pangalan at petsa ng kapanganakan lang ang hindi nagbabago. Kaya napagpasyahan ni Janela na iba na lang ang damit na isusuot sa pagdalo sa kaarawan ng kaniyang pinsan.



Sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagpili ng larawan ng tamang sagot. Bilugan ang tamang letra.

1. Sino ang masayang bumangon?

A. 

Janela

B. 

Luna

C. 

Susan

D. 

Aling Berta

2. Ano ang nais niyang isuot sa kaarawan ng kaniyang pinsan?

A. 

B. 

C. 

D. 

3. Alin ang hindi nagbabago habang lumalaki ang isang tao?

A. damit

B. sapatos

C. pangalan

D. gamit sa pagkain

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Kulayan ng pula *(red)* ang mga gamit mo sa kasalukuyan at dilaw *(yellow)* ang mga gamit mo noong sanggol ka.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

## *Isaisip*

Ang bawat bata ay patuloy sa paglaki. Habang lumalaki ang bata, iba't ibang pagbabago ang nangyayari sa kaniyang buhay. Nagbabago ang kaniyang mga gamit. Nagbabago rin ang kaniyang mga pangangailangan.

## *Isagawa*

**Panuto:** Lagyan ng bilang 1,2, at 3 ang bawat larawan ayon sa pagbabagong nagaganap sa bata.

1.


______


______


______

2.



______ ______ ______

## *Tayahin*

**Panuto:** Pagsunud-sunurin ang mga gamit ng sanggol hanggang sa kasalukuyan. Isulat ang 1, 2 o 3 sa patlang.



__________ __________ __________



__________ __________ __________

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Iguhit sa kahon ang mga gamit mo noong ikaw ay sanggol pa lamang at gamit mo ngayon sa katapat na kahon.

| Noon | Ngayon |
|---|---|
| Damit | |
| Sapatos | |
| Gamit sa pagkain | |

# *Susi sa Pagwawasto*

Subukin:

1. bib
2. bote (dede)
3. medyas
4. gwantes
5. pacifier
6. duyan
7. rattle

Tuklasin:

Sanggol-duyan, bote, bib

Bata-bisikleta,
juice at tinapay
lapis at papel

Suriin:

1. libro
2. papel
3. lapis

Pagyamanin:

1. X
2. X
3. √
4. √
5. X

Isagawa:

1. 3,2,1
2. 1,3,2

Tayahin:

1. 1,3,2
2. 3,1,2

Karagdagang Gawain:
Posibleng sagot
Noon-gwantes at medyas
Ngayon-sapatos na goma

# *Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide

Araling Panlipunan 1
Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog)
Mga Manunulat:
Noel P. Miranda, Odilon B. Ocampo
Rodel Q. Amita, Violeta E. Reyes
Malou M. De Ramos, Lenie A. Tiamzon
Ma. Corazon V. Adriano, Emily R. Quintos

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph